


*Mensahe Sa
Mga Awit Na Saliw Sa
Ating Buhay*



Message Guide | Nobyembre 22, 2020

Ang Pagpapala Ng Umaasa Sa Panginoon

Ang Mensahe Ngayon (22 Nobyembre 2020) / Mga Awit 127:1-5

Mga Tanong Para sa Talakayan

1. Kayo ba ang nananalangin sa ating Dios bago kayo mag-umpisa ng inyong gawain sa opisina, sa negosyo, o sa paaralan? Ano ang inyong idinadalangin sa Kanya? Ano minsan ang nagiging hadlang sa inyong regular na pananalangin sa kanya bago kayo mag-umpisa ng trabaho?
2. Ilan beses kayo manalangin na sama-sama ng inyong pamilya sa isang linggo? Kasama ba dito ang pagbasa ng Kanyang Salita? Ano ang madalas nagiging balakid sa inyong pananalangin bilang isang pamilya? Paano ninyo ito maalís sa inyong buhay?

Bukod sa nagpapa-alala ang mga ito ng pagmamahal at katapatan ng Dios sa Israel, ito rin ay mapupulutan ng mga aral na magagamit sa kanilang pang-araw-araw na buhay bilang mga mananampalataya sa Dios. Ang Psalm 127 nga ay isa sa mga “wisdom psalms” na ito na may praktikal na mensahe para sa lahat, sapagkat para sa mga Hudyo ang pamumuhay ng may karunungan mula sa Dios, ay kaakibat ng tamang pananambahan sa Kanya.

“Awit ng Pag-akyat. Mula kay Solomon”

(1 Kings 4:29 — “Binigyan ng Diyos si Solomon ng karunungan, at ng di masukat na pang-unawa at kalawakan ng pag-iisip, gaya ng buhanging nasa tabing-dagat.”)

(1 Kings 11:6 — “Sa gayon gumawa si Solomon ng masama sa paningin ng Panginoon, at hindi lubos na sumunod sa Panginoon, gaya ng ginawa ni David na kanyang ama.”)

Ang pagpapala ng umaasa sa Dios sa lahat ng kanilang ginagawa. Una, sa pagtataguyod ng ating kabuhayan, at pangalawa, sa pagtataguyod ng ating pamilya.

ANG PAGPAPALA NG UMAASA SA PANGINOON SA PAGTATAGUYOD NG KABUHAYAN

¹ Maliban ang Panginoon ang magtayo ng bahay, ang mga nagtatayo nito ay walang kabuluhang nagpapagod. Maliban ang Panginoon ang magbantay sa lunsod, ang bantay ay nagpupuyat nang walang kabuluhan.

² Walang kabuluhan na kayo’y bumabangon nang maaga, at malalim na ang gabi kung magpahinga, na kumakain ng tinapay ng mga pagpapagal; sapagkat binibigyan niya ng tulog ang kanyang minamahal.”

Walang kabuluhan ang lahat sa buhay kung hindi loloobin ng Panginoon at itatalaga sa Kanya.

Ang pagtatayo ng bahay ang isa sa mga pangangailangan ng isang tao maliban na pagpalain ito ng Dios, bale wala ang pagod na ginugugol para dito.

Dios ay ang pinagmumulan ng lahat hindi maitatayo ang kahit na anong gusali kung hindi ito pahihintulutan at pagpapalain ng Dios

Sa ganoon ding dahilán, ang kahit anong pagpupuyat sa pagbabantay ng isang lunsod ay bale wala kung hindi ito pahihintulutan ng Dios.

Sinasaad ng salmista ang isang katotohanan na isinasawalang-bahala ng karamihan — na ang ating mga buhay, ang ating mga tinatangkilik,

Ang Pagpapala Ng Umaasa Sa Panginoon

Ang Mensahe Ngayon (22 Nobyembre 2020) / Mga Awit 127:1-5

ang ating kalakasan, ang lahat ng mga bagay sa ating daigdig, ang pagkakasunod-sunod ng ating mga karanasan, at ang pag-usad mismo ng oras at panahon, ay hawak lahat ng ating dakilang Dios. At walang kahit na anong gawain ng tao para sa kanyang sariling kabuhatan, ay magaganap kung ito ay walang pahintulot at pagpapala ng Dios.

At dahil wagas ang kagandahang-loob ng ating Dios, binibiyayaan Niya ang lahat para magpatuloy ang buhay (Mat 5:45 -- “upang kayo’y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit, sapagkat pinasisikat niya ang kanyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga matuwid at sa mga di-matuwid.”). Hindi tayo dapat huminto sa ating paggawa sapagkat paglabag sa Kanyang utos ang pagiging tamad at palalo. Ngunit hindi rin tayo dapat na labis na magpuyat at mag-alala “sapagkat binibigyan niya ng tulog ang kanyang minamahal.” (v. 2)

Ang ating mga buhay at kabuhatan ay nasa kamay ng Dios. Gumawa tayo ng may buong sipag, ngunit umasa tayo sa Kanyang kagandahang-loob at pagpapala.

(Mat 6:32-33 — “Sapagkat hinahanap ng mga Hentil ang lahat ng mga bagay na ito; at batid ng inyong Ama sa langit na kailangan ninyo ang lahat ng mga bagay na ito. Ngunit hanapin muna ninyo ang kanyang kaharian at ang kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo.”)

ANG PAGPAPALA NG UMAASA SA PANGINOON SA PAGTATAGUYOD NG PAMILYA

⁴Narito, ang mga anak ay pamanang sa Panginoon nagmula, ang bunga ng sinapupunan ay isang gantimpala.

⁴Gaya ng mga palaso sa kamay ng mandirigma, ay ang mga anak sa panahon ng pagkabata. ⁵Maligaya ang lalaki na ang kanyang lalagyan ng pana ay puno ng mga iyon! Siya’y hindi mapapahiya, kapag siya’y nakipag-usap sa kanyang mga kaaway sa pintuang-bayan.”

Kaya kung mahalaga ang pahintulot at pagpapala ng Dios sa pagtatayo ng isang bahay, lalong mahalaga ang biyaya ng Dios sa pagtataguyod ng isang masayang pamilya.

Ang pamana at gantimpala ay mga bagay na natatanggap mula sa isang nagbibigay nito, at madalas ito ay binibigay ayon lamang sa kagandahang-loob ng nagbibigay.

— ang isang mag-anak ay posible lang dahil sa ito ay pinapahintulot ng Dios dahil sa Kanyang kagandahang-loob. “mga anak sa panahon ng pagkabata” v. 5 — “Siya’y hindi mapapahiya, kapag siya’y nakipag-usap sa kanyang mga kaaway sa pintuang-bayan.”

Sa ating panahon ngayon ang prinsipyo na sinasaad nito ay ang katotohanan na ang ating mga anak ay ang mga puuede nating asahan sa ating pagtanda.

Isang napalaking pagpapala ang magkaroon ng pamilya na buo, mapagmahal, at mapag-alaga.

“Maligaya ang lalaki na ang kanyang lalagyan ng pana ay puno ng mga iyon!” (v. 5)

Ang isang pamilyang puno ng pagmamahal at kagalakan nga naman ay isang pagpapala mula sa Dios.

Mahalaga din na tayong mga magulang ay magsumikap na gawing puno ng pagmamahal ang ating mga tahanan..

At huwag nating kalilimutan higit sa lahat, ang ipanalangin sila at ituro sa kanila ang Salita ng Dios, Italaga natin ang ating mga pamilya sa Dios sapagkat Siya ang nagpapala sa mga umaasa sa Kanya para sa kanilang kabuhatan, at para sa kanilang pamilya. ■

#WhyChildrenAreCentraltoGod

Would you leave a newborn to die in a fierce cold?

That's cruel, right? Yet, not so long ago, this was how children were treated. In fact, in ancient Rome, children were not considered human beings until they were toddlers. Abuse and marginalization—these happen to children.

Children are central to Jesus, and it's the kind of attitude churches should exhibit. Once, Jesus rebuked the disciples, saying, "Let the little children come to me, and do not hinder them, for the kingdom of heaven belongs [to them]." In Jesus, children can find belonging and are never insignificant.

Jesus is saying that children are BLESSINGS and GIFTS--never a distraction. Jesus welcomed them, so should we. Psalm 127:3 says they're a "heritage from the Lord,...a reward..." As gifts, they must be nurtured by the home, church, and school.

Christ wants us to VALUE children. One day, there was this 8-year-old who attends our kids' small groups. She messaged me through her mom whom I disciple. She wanted to talk to me. I will never forget what she said: "Teacher Angel, I praise God for you, thank you for loving me; I still remember teacher when you used to take care of me".

Those words meant the world to me. A year ago, her mom was working overseas and she was sad; she would cry and I would hug and comfort her, and pray with her.

Now, she continues to grow in faith and regularly prays with her mom for the pandemic victims.

Children know when they are loved, and they reciprocate. When they have belonging, they extend the same to others. This is how we can impact them.

At Children's Ministry, our small group leaders and kids' parents gather monthly online to pray. It's such a blessing to hear kids and their parents pray like that 12-year-old boy who genuinely prayed for the pastors, that you would definitely have been blessed if you heard him.

We praise God for kids who have become prayerful and who share God's Word, growing in faith as we lead/mentor them.

Kids are the next leaders in church and society. Instead of viewing them as weak and noisy, let's see them from the lens of the Father as BLESSINGS, GIFTS, and being VALUABLE.

At GCF, we celebrate children and the adventures we have with them. Happy Children's Day to GCF children and kids out there. To our Sunday School Teachers and Parents, let's continue faithfully the work entrusted to us.

Let's value children, instruct them in the way of the Lord, for we are called to love them, provide that space and avenue for them to be what God intends them to be.

MGA ANUNSIYO

GCF RELIEF OPERATIONS FOR #UlyssesPH VICTIMS

We are accepting CASH donations for the typhoon victims. Email a copy of your transaction slip to finance@gcf.org.ph with the subject "Typhoon Ulysses"

EMMANUEL — GCF CHRISTMAS MUSICALE 2020

Celebrate Christ with us on December 20, 2020. Invite your friends and family as we proclaim the good news, God with us!

ELECTION OF CHURCH LEADERS

Church members can visit election.gcf.org.ph to see the list of candidates for the Board of Elders and Council of Deacons.

PRE-REGISTER FOR THE IN-PERSON WORSHIP SERVICE

To know more about the safety guidelines and restrictions, and to reserve a seat, visit <https://tinyurl.com/GCFreservation>. Pre-registration is open every week from Wednesday (5:00pm) to Saturday (11:59pm) or upon full booking, whichever comes first.

BELONGING (Midweek Series): FOSTERING COMMUNITY THROUGH SPORTS

Nobyembre 25 (Miyerkules), 6:30 n.g. sa GCF Facebook Page

REMINDERS OF GOD'S CARE AND FAITHFULNESS

Tuwing Lunes at Biyernes, 7:00 n.g. sa GCF Facebook Page

LIVESTREAM (Youth LIVE Worship)

Tuwing Sabado, 5:00 n.h. sa [youtube.com/user/gcfyouthlive](https://www.youtube.com/user/gcfyouthlive)

KIDS' L.I.F.E. ONLINE SUNDAY SCHOOL

Tuwing Linggo, 1:00 n.h. sa Facebook sa [@GCFKidsLIFE](https://www.facebook.com/GCFKidsLIFE)

THE GCF FAMILY'S HOUR OF PRAYER

8:00 n.g. hanggang 9 n.g. sa Zoom

TITUS 2 WOMEN GROWTH GROUP

Tuwing Martes, 8:00 n.g., sa Zoom, GG Leader: Susan Sosmena

PAGSAMBA SA PAGBIBIGAY

Upang makapagbigay sa mga panahong ito, maaaring gawin ang anumang sa sumusunod:

BANK DEPOSIT O TRANSFER

Account Name: Greenhills Christian Fellowship, Inc.

- **BDO** (BDO Corporate Center Branch) Savings Account 000661590216
- **China Bank** (Ortigas ADB Branch) Savings Account 1112-02006218
- **UnionBank** (UB Plaza Branch) Checking Account 0005-9001-0426
- **Robinsons Bank** (Main Office Branch) Savings Account 1000-3010-0017-355
- **Bank of the Philippine Islands (BPI)** Ortigas Emerald Branch Peso Savings Account
- **Metrobank** (Ortigas Sapphire Branch) Savings Account 629-3-62919733-9
- **GCash (L) and PayMaya (R)** (i-scan ang QR code sa ibaba)



Account name: Greenhills Christian Fellowship, Inc.
Account No.: 9823 0217 01

CREDIT/DEBIT CARD THROUGH PAYPAL

Pumunta sa www.gcf.org.ph/give para sa detalye.

Mangyaring mag-email ng kopya ng inyong transaction document sa finance@gcf.org.ph upang ma-record ang inyong pagbibigay at makapaghanda ng resibo.

COVID-19 EMERGENCY RESPONSE EFFORTS

Maaari ninyo ring italaga ang inyong pagbibigay sa ating relief efforts para sa mga frontliners at iba pang lubhang naapektuhan ng krisis. Ilagay lamang sa subject ng inyong email ang "For COVID-19 fund" ■



Greenhills Christian Fellowship
Know Christ and Make Him Known

Ruby cor. Garnet Roads, Ortigas Center, Pasig City, 1605

☎ (02) 8632 1354 to 56, (02) 8635 0078 to 80, (02) 8635 0082 to 83

☎ Fax No. (02) 8632 1357, Monday to Friday, 9:00 a.m. to 6:00 p.m.

✉ email@gcf.org.ph 🌐 gcf.org.ph 📍 Greenhills Christian Fellowship